

Part 1 – Singing and the Glory of God

 treasuringchristph.org/2020/01/06/part-1-singing-and-the-glory-of-god

Why this series

We will take a short break sa series sa **1 Corinthians** to talk about a four-part sermon series on congregational singing, entitled “Sing, Sing, Sing!: Why We Sing Together as a Church.” This is probably not something na karaniwang iniisip ng mga church members, probably not something na most Christians will be excited about. Ako din naman di mahilig kumanta. Napilit lang na kumanta ng I Finally Found Someone nung campaign nung high school para maging mayor ng student council. Saka nasali din sa children’s choir nung bago kami sa church, saka Visionary Choir sa church nung youth pa ko. Lip sync lang talaga ginagawa ko nun. So bakit four Sundays ang ilalaan natin para pag-aralan ang pagkanta?

Let me explain. Noong 2016, nag-sabbatical leave ako sa pastoral ministry and most Sundays, we joined the worship gathering of Sovereign Grace Baptist Church. Merong uniqueness sa the way they sing. Mostly hymns, yung pastor minsan ang nagconduct ng singing, or ibang moderator. Meron lang keyboard and guitar. Yung mga tao, about 70-80, packed in a small worship hall, and we are encouraged to sing with them kasi maririnig mo sila.

Last September naman, sa 9Marks Intensive experience ko sa Capitol Hill Baptist Church sa Washington DC, na-amazed ako sa pagkanta nila, about 800 people singing together. Meron lang isang song leader, dalawang back ups, isa sa keyboard, isa sa guitar. Walang LCD projector! Meron lang printed song sheets. And they were singing! Laging may a capella sa bawat song. They were singing to God, they were also singing to one another! Very memorable sa akin when we sing “Christ is Mine Forevermore.”

My concern now is our church. I love this church. I love pastoring this church. I'm super-encouraged sa labor ng music ministry team natin, yung seriousness and devotion nila to lead us in singing. And I feel some of their frustrations kapag nakikita nila na merong ilan sa congregation ang hindi nagpaparticipate, at parang nanonood lang sa performance nila. They were spending countless hours to serve you every Sunday! We have to spend time to talk about this. We spend about 25-30 minutes of our worship service in singing, the rest ay prayer, Scripture reading, and sermon. But we seldom take time to reflect why we sing and why it matters.

Kung napag-aralan natin sa 1 Cor. 10:31 na maging yung eating and drinking and whatever else we do ay dapat nating gawin for the glory of God, kasi every part of our life is to glorify God, how much more when we are singing to God! Hindi lang dapat basta-basta. Singing matters because worship matters.

Sabi sa paliwanag ni Bob Kauflin kung bakit niya isinulat ang book na *Worship Matters* for worship leaders,

"Worship matters. It matters to God because he is the one ultimately worthy of all worship. It matters to us because worshipping God is the reason for which we were created. And it matters to every worship leader (and every church member), because we have no greater privilege than leading others (and ourselves!) to encounter the greatness of God. That's why it's so important to think carefully about what we do and why we do it."

Series preview

We will spend four Sundays thinking carefully about what we do and why we do it. Kapag sinabi kong "congregational singing" ibig sabihin it is not about listening to songs on YouTube or Spotify, although that can be helpful spiritually. Hindi din ito pag-attend sa church na parang spectator lang sa performance ng ating worship team, na para bang nasa isang concert ka. I'm not talking about singing in general or

individually sa bahay during your quiet time. I'm talking about Christian congregational singing, what we do every Sunday morning when we gather with our church family. Heto ang preview ng series natin:

- Part 1 (Jan. 5) – Singing and the Glory of God. Today, we will look at some key texts especially Psalms 95-100 para pag-usapan ang dahilan bakit tayo kumakanta at dapat kumanta. Para kanino tayo kumakanta? At ano ang kinakanta natin tungkol sa kanya? We sing because of God. We sing for God. We sing about God.
- Part 2 (Jan. 12) – Singing and the Gospel (Exod. 15:1-21 & Rev. 5:1-14). Because we failed to worship God, we need to be rescued by God. At 'yan ang ginawa ng Diyos sa atin through the redemption we have in Jesus. Doble ang dahilan natin sa pagkanta – dahil nilikha tayo ng Diyos (creation), at dahil iniligtas tayo ng Diyos (new creation). We sing because of what God has done for us in Jesus. We sing songs of our salvation.
- Part 3 (Jan. 19) – Singing and the Church. Two times inutos ng Diyos sa NT sa mga churches to sing together in worship, Eph. 5:19 and Col. 3:16. We sing to God hindi lang mag-isa sa bahay, but with the church. We sing with others and we sing to one another. Our church music ministry team exists not to sing to you, but to lead you and help you in singing.
- Part 4 (Feb. 2) – Singing When Life is Hard. Paano kung nahihirapan tayong kumanta? Kung ang heart natin ay hindi engaged? Kung we are having a hard time that we find it hard to sing with joy? Tulad ng burden ng Psalm 137. Makakatulong sa atin to reflect on Lamentations 3:16-24 and Psa. 59:16-17 and see how singing with others give us hope and help us persevere in trusting God.

Why people don't sing

Meron talagang mga taong mahilig kumanta. And if you are that type of person, para din sa 'yo 'to. Para mapag-isipan mo kung bakit tayo kumakanta, para maitama ang motivation ng heart mo, para mas ma-

enganyo ka pa na magparticipate sa pagkanta. Pero ang iba, merong iba't ibang dahilan kung bakit di kumakanta. Bakit nga kaya?

- Yung iba sasabihin, di naman ako magaling kumanta, sintunado. Karamihan naman talaga hindi kasing talented ng mga professional musicians ng mga larger churches. But that is not reason enough. Hindi naman iniutos sa atin, sing well or sing beautifully. Basta, sing! Kung ano ang kaya mo.
- Yung iba hindi alam masyado yung kanta, pwedeng bago sa kanila, o di abot ng kanilang singing voice. Kaya kailangan nating piliin yung mga kanta, at pag-praktisan din hindi lang ng music team.
- Yung iba naman gustong kumanta, pero nagrereklamo kasi masyadong malakas ang sounds ng mga instruments and voices ng mga lead singers. Valid naman yun, kasi mahirap nga naman kumanta kung di naririnig ang kanta mo. At ginagawan natin ng paraan 'yan para maayos. We want to encourage you to sing.
- Yung iba naman, particularly yung mga lalaki, hindi feel ang pagkanta. Kasi masyadong emotional, parang di bagay sa kanila to express that kind of emotion. Bakit? Pambabae lang ba yun? Buti pa yung mga nag-iinuman at nagvi-videoke todo kanta kahit hanggang alas-dos ng madaling araw.

We may have many other reasons for not singing. Pero I believe the problem is the problem of our heart. "Out of the overflow of the heart, the mouth speaks," sabi ng Panginoong Jesus (Matt. 12:34; Luke 6:45). Kapag walang lumalabas sa bibig mo, baka walang tinitibok ang puso mo para sa Diyos. And that is a serious problem. Kung walang tinitibok ang puso mo sa Diyos, it is because you really don't know him well. Spiritual problem at theological problem ang hindi pagkanta sa pagsamba. Malaking problema 'to sa maraming churches, even or especially sa mga churches na very lively, creative at superb ang worship performances. Those who are on stage are singing their hearts out, pero yung mga nasa congregation are not.

But there is hope. Sabi ng Christian composer at song-writer na si Keith Getty, “Congregational singing is far from dead, mainly because it’s connected to a source of life higher than cultural trends or modern comparisons” (“Why Congregational Singing Matters Today More than Ever”). And that source of life is God at work through his Word moving our hearts to sing praises to him.

Why we sing

So, titingnan natin ang itinuturo sa atin ng Diyos sa Bibliya sa sagot sa tanong na, “Bakit tayo kumakanta? Bakit tayo dapat kumanta?” Yung short answer diyan ay “to glorify God and to enjoy him forever,” sagot ng Westminster Shorter Catechism Question 1, “What is the chief end of man?” Ganun naman din ang sabi sa 1 Cor. 10:31 – do it for the glory of God. Ganyan din si Paul sa Rom. 11:36, “For from him and through him and to him are all things. To him be glory forever. Amen.” Kung ang singing is to glorify God, yung follow up question diyan ay, “How does singing glorify God?” Merong tatlong sagot diyan:

1. Singing is an act of submission to God.
2. Singing is a reflection of God.
3. Singing is a proclamation about God.

Submission

Kumakanta tayo para sundin ang utos niya. Merong about 400 references sa Bibliya tungkol sa pagkanta, at merong 50 direct commands para kumanta tayo sa Diyos. Let that sink in, fifty! Yung pinakamahabang book sa Bible, yung book of Psalms, a collection of 150 songs.

- “Sing praises to God, sing praises! Sing praises to our King, sing praises! For God is the King of all the earth; sing praises with a psalm” (Psa. 47:6-7)!

- “Oh sing to the Lord a new song; sing to the Lord, all the earth! Sing to the Lord, bless his name; tell of his salvation from day to day” (96:1-2).

Four verses, eight commands to sing: “Sing, sing, sing, sing, sing, sing, sing, sing!” Heto pa: “Oh come, let us sing to the Lord (sasabihin mo, “Hindi ko kayang kumanta!”, heto kaya mong gawin...), let us make a joyful noise to the rock of our salvation! Let us come into his presence with thanksgiving; let us make a joyful noise to him with songs of praise” (95:1-2)! Buti pa yung mga pipi sa Deaf Church natin, nag-iingay ng papuri sa Diyos, samantalang ikaw na may dila ay tahimik lang at nanonood? Kapag di ka kumakanta, at di ka umaatted ng worship services, sinusuwag mo ang utos ng Diyos na nagbigay ng buhay sa ‘yo para sambahin siya, nagbigay ng dila sa ‘yo para awitan siya. Dalawang beses din iniutos sa New Testament for us to sing “psalms, hymns and spiritual songs” to one another when we gather (Eph. 5:19; Col. 3:16). Ganyan ka-seryoso ang congregational singing.

Bakit paulit-ulit na sinabihan tayo ng Diyos na hindi lang sabihin ang pagpupuri sa kanya, kundi awitin ang papuri sa kanya. To sing his praises, not just say our praises tulad ng ginagawa sa prayer and preaching. Bakit gusto niya na i-combine natin ang words with music, bakit hindi words lang? Bakit gusto ng Diyos na kumanta tayo? Isang dahilan ay ito: ang Diyos mismo ay kumakanta. Yes, we have a singing God. Yan ang ibig sabihin ng...

Reflection

Kumakanta tayo para gayahin ang Diyos, to reflect his image. Music is “a marvelous creation of God,” sabi ng great Reformer na si Martin Luther. As part of God’s creation, it is meant to declare the glory of God (Psa. 19:1). Music is a reflection of who God is. Nilikha tayo ng Diyos in his image, to reflect who he is. Kaya kung sinabihan niya tayo na kumanta,

we are reflecting God as the ultimate Musician and Singer. We are a singing church because we have a singing God – the a singing God the Father, a singing God the Son, a singing God the Spirit.

Parang mahirap sa atin na ma-picture ang Diyos na kumakanta. Pero yun exactly yung sinasabi sa Zephaniah 3:17, God rejoices over us his people “with loud singing.” “Magagalak siya sa inyo, at sa pamamagitan ng kanyang pag-ibig ay babaguhin niya ang inyong buhay. Aawit siya nang may kagalakan dahil sa inyo, gaya ng taong nagsasaya sa araw ng kapistahan” (3:17b-18 ASD). We sing because “God himself is passionate about singing” (Bob Kaulin, What Happens When We Sing, conference message).

Nang gabi pagkatapos ng huling hapunan ni Jesus kasama ang mga disciples niya, bisperas ng pagkapako sa kanya sa krus, kumanta si Jesus kasama ang mga disciples niya (Matt. 26:30), most probably galing sa Psalms yung kinanta nila. Yung Hebrews 2:12 ay application ng Psalm 22:22 kay Jesus, “In the midst of the congregation I will sing your praise.” Jesus is our worship leader when we sing together. The Father sings. The Son sings.

How about the Spirit? Sinabi ni Pablo sa Ephesians 5 na isang resulta ng being “filled with the Spirit” ay ito: “addressing one another in psalms and hymns and spiritual songs, singing and making melody to the Lord with your heart” (verses 18–19). The Spirit singing inside us is overflowing in our songs. “We worship a triune God who sings, and he wants us to be like him” (Bob Kauflin).

Proclamation

Umaawit tayo para sundin ang utos ng Diyos, para gayahin ang Diyos, at para ipagsigawan kung sino ang Diyos na tinitibok ng puso natin– not just say it in words, but sing words proclaiming his excellencies, his

greatness, his glory, his goodness, his grace. There is something that singing can accomplish that mere preaching won't. God created music for his purposes, although ginagamit natin for self-serving purposes.

Music has the power to "amplify the emotion of the words we're singing...serves as additional influence that guides and deepens our emotion to the words we're singing" (Kauflin). We are not just singing to God: "Lord, this is how I feel about you." We are also singing about God: "This is who you are, I want to feel more of you." Hindi lang ito about emotions, but about what Jonathan Edwards call "religious affections." The more we sing about God, the more we feel a passion for God.

We sing for God about God

That is why we make sure na sa mga songs na kakantahin natin, sasabihin natin sa Diyos hindi lang kung ano ang nararamdaman natin, but more importantly, kung sino siya. We sing for God about not primarily about what we feel, although there is a place for that. We sing for God about God. Tulad ng mga words na makikita natin sa Psalms 95-100.

We sing about **the greatness of God** – walang papantay sa kadakilaan ng Diyos.

- He is great dahil siya ang Maylikha sa lahat ng bagay. "For the Lord is a great God, and a great King above all gods. In his hand are the depths of the earth; the heights of the mountains are his also. The sea is his, for he made it, and his hands formed the dry land" (95:3-5). Even the angels were singing while God is creating the world: "Sino ang may hawak ng pundasyon ng mundo? At sino ang naglagay ng pundasyon na ito habang sama-samang umaawit ang mga bituin sa umaga at nagsisigawan sa tuwa ang lahat ng anghel" (Job 38:6-7 ASD)? "Let the heavens be glad, and let the earth rejoice; let the sea roar, and all that fills it; let the field exult, and everything in it! Then shall all the trees of the forest sing for joy" (Psa. 96:11-12).

- He is great dahil siya ang lumikha at nagbigay ng buhay sa atin. “Oh come, let us worship and bow down; let us kneel before the Lord, our Maker! For he is our God, and we are the people of his pasture, and the sheep of his hand” (95:6-7). He created your tongue to sing to him. “Sa pamamagitan ng dila, pinupuri natin ang ating Panginoon at Ama” (Jas. 3:9 ASD).
- He is great because he is the sovereign ruler of the universe. “Say among the nations, ‘The Lord reigns!’ Yes, the world is established; it shall never be moved; he will judge the peoples with equity” (Psa. 96:10). “...he comes to judge the earth. He will judge the world in righteousness, and the peoples in his faithfulness (96:13). “The Lord reigns, let the earth rejoice (97:1).
- He is great kasi wala nang ibang diyos maliban sa kanya. “For you, O Lord, are most high over all the earth; you are exalted far above all gods” (97:9). “For great is the Lord, and greatly to be praised; he is to be feared above all gods. For all the gods of the peoples are worthless idols, but the Lord made the heavens” (96:4-5).

We sing about **the glory of God** – the holiness, the greatness of God on display for all to see.

Ito ang nagniningning na kagandahan ng Diyos. “Ascribe to the Lord, O families of the peoples, ascribe to the Lord glory and strength! Ascribe to the Lord the glory due his name; bring an offering, and come into his courts! Worship the Lord in the splendor of holiness; tremble before him, all the earth” (96:6-9)!

We sing about **the goodness of God** – walang hangganan ang kabutihan niya. “For the Lord is good; his steadfast love endures forever, and his faithfulness to all generations” (100:5). Itatama niya ang anumang masama. “The King in his might loves justice. You have established equity; you have executed justice and righteousness in Jacob” (99:4).

We sing about **the grace of God** – sukduhan ang biyaya na tinanggap natin sa kanyang pagliligtas sa atin. “Oh sing to the Lord a new song, for he has done marvelous things! His right hand and his holy arm have worked salvation for him. The Lord has made known his salvation; he has revealed his righteousness in the sight of the nations. He has remembered his steadfast love and faithfulness to the house of Israel. All the ends of the earth have seen the salvation of our God” (98:1-3).

So, we sing hindi dahil ito na ang nakasanayan nating ginagawa sa church. Kundi dahil ito ang sinasabi ng Diyos na gawin natin, in submission to his Word. We sing hindi para gayahin ang nakagawiang kultura ng mga tao sa paligid natin o gayahin ang mga practices ng ibang churches. We sing as a reflection of our singing God. Sinasabi ng Diyos na awitan natin siya, ultimately because he is worthy of our praises. Wala nang ibang katulad niya. Wala nang papantay sa kanya. Wala nang ibang Diyos maliban sa kanya.

We don’t sing kasi we don’t feel God in our hearts. Tulak ng bibig, kabig ng dibdib. We don’t feel God, kasi we don’t know God well enough. Hindi natin pwedeng paghiwalayin ang theology (knowing God) at doxology (worshipping God). Knowing God leads to worship. Kapag may iginatong ka, lalong magliliyab ang puso mo, at lalong lalakas ang pag-awit mo sa Diyos. If we have a singing problem, it means we have a spiritual problem. We still cling to idols. Meron pang ibang tinitibok ang puso natin nang higit sa Diyos. We need God’s rescuing grace. That’s what God did for us in Jesus. He created us to worship him, to sing. Because we failed in worship, we have fallen short of his glory, he sent Jesus. He saved us to worship him, to sing, to redeem for himself a singing people.

More about that next week. For now, sing with me, “How great is our God!”

Part 2 – Singing and the Gospel

 treasuringchristph.org/2020/01/13/2-singing-and-the-gospel

A worship problem

Last week, sinimulan nating pag-usapan ang tungkol sa congregational singing. Ginagawa naman natin 'yan nang regular. Pero dapat mas maintindihan natin kung bakit natin ginagawa. Bakit mahalaga? Bakit dapat nating matutunan? **Last week**, I emphasized na we sing primarily, ultimately, for the glory of God. God is the reason why we sing. We sing because of God, kasi iniutos niya, gusto niya na kumanta tayo tulad niya. We have a singing God. We sing for God, para sa Diyos. We sing about God, tungkol sa Diyos ang kinakanta natin – we have a great God, a glorious God, a good God, a gracious God.

Last week din sinabi kong mahalagang magreflect tayo about what we do sa almost half hour na we are spending every Sunday sa congregational singing. Baka naman sabihin ng iba na 30 mins out of 10,080 minutes – 0.3% – we spend every week ay minimal lang. But I will argue na the way we approach that half hour – and our two hours every Sunday – will impact all areas of your life. Hindi exaggeration yun. Kasi yung sagot sa question na why we sing? ay hindi iba sa sagot sa question na why we live? The answer: for the glory of God. If we will learn how to sing, we will learn how to live. Sa parenting ganun din, kaya nga sinasama natin ang mga bata sa worship services: If we will teach our children how to sing, we will teach them how to live their lives centered on God.

Look at this: “Ang taong masama ay mahuhuli sa sarili niyang kasalanan, ngunit ang matuwid ay aawit nang may kagalakan” (Prov. 29:6 MBB). Look at the contrast, ang masama characterized by sin, ang matuwid by singing and rejoicing. Don't you want that for your children? Don't you

want that for yourself? Siyempre merong right way or wrong way of singing. I'm not talking about notes or voice quality. Nakadepende ito kung tama o mali ang puso natin sa Diyos.

And that is the problem. Nilikha tayo ng Diyos (Creation) in his image, to reflect him, to glorify him. We sing because God sings. But we failed to reflect his image (Fall). We failed to sing, we failed to sing rightly. Meron tayong singing problem, kasi meron tayong worship problem. At kung meron tayong worship problem, meron tayong heart problem. The whole Story of God is the story of God redeeming his people (Redemption) – to be a singing people for him.

Singing in redemptive history

Nangako ang Diyos kay Abraham na gagawin siyang isang malaking bansa, pagpapalain ang kanyang lahi, at bibigyan ng lupang matitirhan (Gen. 12:1-3). Nagkaanak nga siya, dumami nang dumami, pero dumating ang panahong naalipin sila sa Egypt for 430 years! Until God raised up Moses to lead his people out of slavery. Pagkatapos ng kabilang salot as God's judgments sa Egypt at sa kanilang idolatry, nakalabas na sila. Miraculously, nahati ang Red Sea, at nakatawid sila sa tuyong lupa. Hinabol sila ng mga kaaway nila, pero natabunan silang lahat at namatay. Nakita nila ang pagliligtas na ginawa sa kanila ng Diyos, his great power of salvation (Exod. 14:30-31). Nagtiwala sila sa Diyos at umawit silang lahat (2 million Israelites!) ng awit sa Diyos:

Ito ang inawit ni Moises at ng mga Israelita para kay Yahweh:

“Itong si Yahweh ay aking aawitan,
sa kanyang kinamtang dakilang tagumpay;
ang mga kabayo't kawal ng kaaway,
sa pusod ng dagat, lahat natabunan.
Si Yahweh ang aking kapangyarihan at kalakasan,
siya ang sa aki'y nagdulot ng kaligtasan.
Siya'y aking Diyos na aking pupurihin,
Diyos ng aking ama, aking dadakilain.” (Exod. 15:1-2 MBB)

“Who is like you, O Lord, among the gods?
Who is like you, majestic in holiness,
awesome in glorious deeds, doing wonders?” (15:11 ESV)

After 40 yrs, nakapasok na sila sa Promised Land. Si Joshua na ang naglead sa kanila kasi namatay na si Moses. Pagkamatay naman ni Joshua, nagkagulo na sa Israel. Paulit-ulit silang sumuway sa mga utos ng Diyos. Hanggang dumating ang time na nagkaroon na ng kingdom ang Israel. Si Saul ang unang hari, pagkatapos ay si David naman. Hindi naging madali ang transition, kasi itong si Saul gustong patayin si David. Pero palagi siyang inililigtas ng Diyos sa kamay ni Saul at sa lahat ng iba pa niyang mga kaaway. In response?

Inawit ni David ang awit na ito para kay Yahweh nang araw na iniligtas siya ni Yahweh mula sa kamay ng kanyang mga kaaway at sa kamay ni Saul.

2“Si Yahweh ang aking tagapagligtas,
matibay na muog na aking sanggalang.

3Ang Diyos ang bato na aking kanlungan,
aking kalasag at tanging kaligtasan.

Siya ang aking pananggalang,
sa mga marahas ay siya kong tanggulan.

4Kay Yahweh ako'y tumatawag,
sa mga kaaway ako'y kanyang inililigtas.
Purihin si Yahweh!

50Sa lahat ng bansa ika'y aking pupurihin,
ang karangalan mo'y aking aawitin,
ang iyong pangalan, aking sasambahin.

51Pinagkaloobang magtagumpay lagi,
ang abang lingkod mong piniling hari;
di mo kailanman pababayaang ang iyong pinili,
na si Haring David at ang kanyang mga susunod na lahi.”

(2 Sam. 22:1-4, 50-51)

Matagal ding nawala sa kanila yung ark of the covenant, yung kahon na naglalaman ng sampung utos noon pang panahon ni Moises. Symbolic kasi yun ng presence and authority ng Diyos, the true King of Israel. Pero noong naibalik na, si David ang nanguna sa celebration. May mga singers and musicians, nagsisigawan sila sa tuwa, pati si David nagtatatalon at sumasaway sa pagpupuri sa Panginoon (1 Chr. 15:27-29). Then David commissioned Asaph to lead Israel in worship.

1 Chr. 16:7-9, 23-24

Nang araw na iyon, iniatas ni David kay Asaf at sa mga kasama nito ang tungkol sa pag-awit ng pasasalamat kay Yahweh.

8Magpasalamat kay Yahweh, tumawag sa kanyang pangalan;
ang lahat ng gawa niya sa lahat ay ipaalam.

9Umawit ng pagpupuri at siya ay parangalan,
ang kahanga-hangang gawa'y ibalita kahit saan.

23Umawit ka kay Yahweh, buong sanlibutan,
ipahayag araw-araw, bigay niyang kaligtasan.

24Ipahayag sa mga bansa kanyang kaluwalhatian.
Sabihin sa mga tao gawa niyang makapangyarihan.

Umaawit sila dahil sa mga gawa ng Diyos – sa **pagpapalaya** sa kanila, sa **pagliligtas** sa kanila, at sa **pagsama** sa kanila.

Sa kabila noon, patuloy pa rin sila sa pagsuway sa Panginoon. Nahati ang kaharian sa panahon ni Rehoboam na anak ni Solomon na anak ni David. Yung northern kingdom (Israel), composed of the 10 tribes of Israel, 20 ang naging kings, lahat masasama. Nauna na silang nilusob ng Assyria at inalipin ulit. Yung southern kingdom na lang ang natira (Judah), 20 kings din, meron namang 8 kings na mabuti, relatively speaking. Sila rin nilusob naman ng mga Babylonians, pinalayas sa lupain nila at ginawang alipin. Pero bago mangyari yun, nangako na ang Diyos na ililigtas silang muli.

Tulad ng ginawa niya noon, gagawin niya ulit. **Pangako** niya 'yan, tutuparin niya.

Isaiah 51:10-11

Kayo rin po ang nagpatuyo sa dagat
at gumawa ng daan sa gitna ng tubig,
kaya nakatawid nang maayos ang bayang iyong iniligtas.

11Ang mga tinubos ninyo'y babalik sa Jerusalem,
magsisigawan sa galak, umaawit sa tuwa.

Ang mamamalas sa kanilang mukha ay walang hanggang galak,
at sa puso nila ang lungkot at hapis ay mawawalang lahat.

Aawit sila dahil patatawarin sila ng Diyos, aalisin ang parusa para sa kanila.

Zeph. 3:14-15

Umawit ka nang malakas, Lunsod ng Zion! Sumigaw ka, Israel!

Magalak ka ng buong puso, Lunsod ng Jerusalem!

15Ang iyong kaparusahan ay inalis na ni Yahweh,
at pinalayas na niya ang iyong mga kaaway.

Nasa kalagitnaan mo si Yahweh, ang Hari ng Israel,
wala nang kasawiang dapat pang katakutan.

At aawitan pa sila ng Diyos: “Masaya siyang aawit sa laki ng kagalakan”
(Zeph. 3: 17).

After ng 70 years of exile, nakabalik na sila. Sa pangunguna nina Zerubbabel, Nehemiah at Ezra, na-restore yung temple sa Jerusalem, pati yung city walls, at higit sa lahat yung **pagpapanumbalik** ng relasyon nila sa Diyos. So?

Neh. 12:27

Nang italaga na ang pader ng Jerusalem, tinipon ang mga Levita sa Jerusalem upang sama-sama nilang ipagdiwang ang pagtatalaga. Ipinagdiwang ito sa saliw ng mga awit ng pasasalamat at ng tugtog ng pompiyang, alpa, at lira.

Umaawit sila dahil sa pagpapalaya, pagliligtas, presensiya, pagpapatawad at pagpapanumbalik ng Diyos. At lahat ‘yan ay katuparan ng mga pangako niya. At ang lubos na katuparan nito ay nangyari sa pagdating ng Panginoong Jesus. Si Jesus ang nagpalaya sa atin mula sa pagkakaalipin sa kasalanan. Si Jesus ang nagligtas sa atin mula sa parusa ng Diyos. Si Jesus ang presensiya ng Diyos, Immanuel, God with us, the Word became flesh and dwelt among us. Si Jesus ang nagbayad ng mga kasalanan natin para mapatawad tayo ng Diyos. Si Jesus ang namatay, nahiwalay sa Diyos, para mapanumbalik tayo sa relasyon sa Diyos. In light of what God has done for us in Jesus, we sing! Dahil sa katapatan niya sa pagtupad sa mga pangako niya, dahil sa laki ng awa niya sa atin, kaya tayo umaawit sa kanya:

Rom. 15:8-9

Sinasabi ko sa inyo, si Cristo'y naglingkod sa mga Judio upang patunayang ang Diyos ay tapat, at tumutupad sa mga pangako niya sa kanilang mga ninuno, 9at upang ang mga Hentil naman ay magpuri sa Diyos dahil sa kanyang habag. Tulad ng nasusulat (2 Sam. 22:50; Psa. 18:49),

“Kaya't sa gitna ng mga Hentil, ika'y aking pupurihin,
At aawitan ko ang iyong pangalan.”

We have more reasons to sing. We sing, we go to the nations to preach this message of salvation, kasi yung mga taong di pa nakakakilala kay Cristo, they were singing a different song. We invite them to join us in singing the songs of salvation. And one day, kapag lahat ng mga lahi sa buong mundo ay nagkaroon na ng mga singing churches, the Lord Jesus will come again. Makikita natin siya, he alone is worthy, dahil sa ginawa niya sa krus para sa atin. We will join the 24 elders in singing:

Rev. 5:9-10

And they sang a new song, saying,
“Worthy are you to take the scroll
and to open its seals,
for you were slain, and by your blood you ransomed people for God
from every tribe and language and people and nation,
and you have made them a kingdom and priests to our God,
and they shall reign on the earth.”

We will join countless angels in singing Rev. 5:12, “Worthy is the Lamb who was slain, to receive power and wealth and wisdom and might and honor and glory and blessing!” We will join all creation in singing Rev. 5:13, “To him who sits on the throne and to the Lamb be blessing and honor and glory and might forever and ever!”

What we are doing now is a rehearsal for that glorious day!

Congregational singing shaped by the gospel

So, we sing because of who God is and what he has done for us in Jesus. Our congregational singing then must be a re-enactment of the gospel story. Dati ganito ang practice natin, and most churches na nag-embrace

ng contemporary worship practices: dalawang upbeat/lively/joyful songs sa simula, tapos susundan ng dalawang solemn/slow songs. We don't do that pattern anymore, minsan nagiging ganun din, pero our worship pattern is primarily governed by this gospel-shaped pattern: Adoration – Confession – Gospel Assurance – Thanksgiving. I preached on this a few years ago: "Gospel-Shaped Worship." For now, let me just comment about the songs we sing.

Adoration: We sing about the God who is our Salvation. "I love you, LORD, my strength. The LORD is my rock, my fortress, and my deliverer, my God, my rock where I seek refuge, my shield and the horn of my salvation, my stronghold" (Psa. 18:1-2 CSB). Mas maganda kung ang inaawit natin ay nasa salita mismo ng Panginoon, o kaya ay reflective o faithfully derived from ideas and teachings ng Scripture. Tulad ng kinanta natin kanina...

Who is like the Lord our God?
Strong to save, faithful in love
My debt is paid and the vict'ry won
The Lord is my salvation

Confession: We sing of our need of salvation. Hindi nga lang Mara I ang ganitong kanta: "For I know my transgressions, and my sin is ever before me. Against you, you only, have I sinned and done what is evil in your sight...Deliver me from bloodguiltiness, O God, O God of my salvation, and my tongue will sing aloud of your righteousness" (Psa. 51:3-4, 14 ESV). Kaya eto song natin kanina:

Praise the Lord! His mercy is more
Stronger than darkness, new every morn
Our sins they are many, His mercy is more
Our sins they are many, His mercy is more.

Gospel Assurance: We sing of God's provision of salvation in Christ. Yung Psalms 105-106 ay song about the history of Israel, yung ginawa ng Diyos para sa kanila sa kabila ng paulit-ulit nilang mga kasalanan: "Dapat

na si Yahweh, ating Panginoon, ay pasalamatan, ang kanyang ginawa sa lahat ng bansa'y dapat ipaalam. Siya ay purihin, handugan ng awit, ating papurihan, ang kahanga-hangang mga gawa niya'y dapat na isaysay" (Psa. 105:1-2 MBB). So we sing of the salvation we have in Jesus:

What gift of grace is Jesus my redeemer
there is no more for heaven not to give
He is my joy, my righteousness and freedom
My steadfast love, my deep and boundless peace

No fate I dread, I know I am forgiven
The future sure, the price it has been paid
For Jesus bled and suffered for my pardon
And He was raised to overthrow the grave

To this I hold, my sin has been defeated
Jesus now and every is my plea
Oh the chains are released, I can sing: I am free!
Yet not I, but through Christ in me.

This is Amazing Grace: "Oh Jesus I sing for / All that you've done for me."

Thanksgiving: We sing our thanksgiving for our salvation. "Oh give thanks to the Lord, for he is good, for his steadfast love endures forever" (Psa. 107:1)!

Habang hindi karapat dapat
Pag-ukulan ng habag at wagas mong pagsinta.
Habang walang kakayanang
Masuklian ka ng mabuti sa lahat mong ginawa.

Niyakap Mo ako sa aking karumihan
Inibig Mo ako ng di kayang tumbasan
O Diyos ng katarungan at katuwiran
Na kahit minsa'y di nabahiran
Ang kabanala't kalwalhatian
Salamat sa sukdulang biyaya Mo

O Diyos ng Pag ibig na mas
Malawak pa kaysa aking mga pagkakasala
Higit pa sa buhay ko
Salamat sa Sukdulang biyaya Mo

Aside from that, we sometimes sing also songs of petition for God to speak, to change our hearts, and to help us in times of need. We'll look at some of that sa next two sermons sa series.

A word to Christians and non-Christians...

We sing as an expression of our passion for the gospel. Kahit may mga times na that passion is small and flickering, God uses singing to awaken and sustain that passion for the gospel. Pero paano kung wala ka talagang nararamdaman para sa Diyos kahit kumakanta ka ng mga worship songs? Evaluate your heart now. Maybe that's a sign na you are not truly born again, wala ka pang bagong puso, patay ka pa spiritually. Barado pa ang puso mo. Parang yung lababo namin nung isang araw. Ayaw na talagang bumaba ng tubig. Tinanggal ko yung drain pipes sa ilalim. May nakabara palang namuo na mga mantika siguro yun. Tinanggal ko. So dumadaloy na yung tubig.

Walang lumalabas sa bibig mo, o kung meron man di talaga singing as act of worship, nakikisabay lang, marahil kasi barado ang puso mo ng kasalanan. Naghahanap ka ng mga lively songs para sumigla-sigla ka. But music cannot make your heart alive for God. Only the gospel will.

Only the gospel ignited by the Spirit in our heart is the power of God for salvation. Kapag nangyari yun, we can truly sing songs of salvation. You will sing if you are one of the redeemed of the Redeemer. Ang Diyos na ang naglagay ng awit sa puso natin.

Pero kahit Christian ka na, may mga times na you still struggle with that. Nung kinabit ko ulit yung tubo sa ilalim, hayan dumadaloy na yung tubig. Kaso may leak pa hanggang ngayon, di ko pa maayos. Ganun din ang puso natin. May leaks pa. Kasi sa halip na totally devoted tayo sa Diyos, merong ibang inaawitan ang puso natin. That is why we need the gospel hindi lang sa simula kundi sa pagpapatuloy ng Christian life natin. The gospel awakens our heart for God. The gospel sustains that passion in our heart for God.

Cultivating a passion for the gospel

Kaya tayo as a church passionate sa gospel. Kaya gagawin natin ang lahat to remind ourselves of the gospel. Kaya ako as your pastor ay committed to preach to you the pure biblical gospel. At sa mga songs na kakantahin natin, hindi rin basta-basta, hindi kung ano ang type ng mga song leaders, o requested ng mga members, o popular sa mga churches. No. We make sure the songs we sing reflect the biblical gospel. We are passionate for the gospel, and we must cultivate a passion for the gospel.

Hindi lang sa song selection. Pati sa sources ng mga songs na yun. Isa 'yan sa dahilan kung bakit di na natin kinakanta ang mga songs ng Hillsong (from Hillsong Church) tulad ng "Mighty to Save" saka "Oceans", pati ng Bethel Music at Jesus Culture (mula sa Bethel Church) tulad ng "One Thing Remains" – yung may lyrics na "your love never fails, never runs out, never gives up on me." Maganda naman yung mga lyrics, although may mga songs na questionable o doctrinally confusing yung lyrics. But the point is, associated yung mga songs na yun sa mga churches na nagtuturo ng distorted gospel tulad ng prosperity gospel,

word of faith movement, new apostolic reformation. Medyo mahabang talakayan 'to, I can give you sources online na you can read para maging malinaw sa inyo.

Nagbigay si Costi Hinn ng five reasons bakit di dapat gamitin sa mga churches natin yung songs na galing sa Bethel Church (applicable din sa Hillsong in a way), sa article niya na "Should Your Church Sing Jesus Culture & Bethel Music?":

1. Their movement & leaders preach a heretical version of Christ.
2. They need to be rescued with truth; not mitigated in their errors.
3. They get paid royalties to keep funding their heretical cause. The more na nagiging popular yung music nila, napopondohan natin ang ministries nila.
4. You could be limiting the creativity and talent of your church's own band. With some effort and time, makakagawa naman tayo ng sarili nating music.
5. People need clarity on this issue more than ever before.

Pwede naman ninyong kantahin sa personal worship time ninyo. Although sa ngayon I won't encourage you to do that. Mahirap lalo na for many of us, kahit mga worship leaders natin, who fell in love with that songs. Pero tandaan nating ang primary commitment natin ay sa gospel, hindi sa anumang music group o music style.

So, ganun din sana ang maging commitment ng bawat isa sa inyo sa gospel. Basahin n'yo ang Bibliya araw-araw na nakafocus kay Cristo. Nung binabasa ko isang araw yung Joshua, kung nagalit ang Diyos sa Israel dahil sa kasalanan ni Achan (Joshua 7), at nawala ang galit niya nang patayin ito – naalala ko kung paanong dahil sa kasalanan ni Adan nahulog din tayong lahat sa kasalanan at nasa ilalim ng matinding galit ng Diyos. Pero nang namatay si Cristo para sa atin, napawi ang galit ng Diyos. Napaawit talaga ako:

Your blood has washed away my sin
Jesus, thank You
The Father's wrath completely satisfied
Jesus, thank You
Once Your enemy, now seated at Your table
Jesus, thank You

Basahin ang Bibliya, alalahanin ang Magandang Balita, at hayaan din natin ang iba na tulungan tayo sa labang ito. Hindi natin kayang mag-isa. When our heart is cold, kailangan natin ang iba para magliya ulit ito. We need each other to hold us accountable in growing deeper into the gospel.

We cannot grow in singing in worship if we are not growing deeper into the riches of the gospel. We cannot grow deeper into the gospel alone, we need each other, we need our church family. That is why we sing together as a church. That will be for next week.

Part 3 – Singing and the Local Church

 treasuringchristph.org/2020/01/20/part-3-singing-and-the-local-church

“Worship by the Book”

Kung narito na kayo sa church for a longer period of time, napansin n’yo siguro na we are making some changes sa ways we conduct our worship services, and also the way we sing and select kung anu-ano ang kakantahin. Kung kayo naman ay galing sa ibang church, meron kayo sigurong mapapansing differences sa mga mas popular contemporary approaches sa music sa church. I want to remind you now, and make it clear, na yung mga changes na ‘to ay hindi para maiba lang, o maiba naman. Hindi rin dahil sa mga exposures ko sa ibang churches na nagbigay ng inspiration sa akin, at sabihin sa inyong tularan natin sila.

Although maganda ring tularan yung magagandang halimbawa nila siyempre. Pero yung iba kasi, ang primary question sa gagawin nila sa worship, “Magugustuhan ba ito ng mga tao? Mag-eeenjoy ba sila o baka ma-bored? Maa-attract ba ang mga unbelievers? May appeal ba ito para sa mga young people? Masasabi kaya nila after the service, ‘Nakakabless ang worship ngayon. Nag-enjoy ako.’”?

Hindi dapat ganun yung mga nangingibabaw na tanong sa atin. Nagiging man-centered tayo sa pagsamba. By definition, worship is God-centered. Ano ba ang sabi niya? Ano ba ang gusto niya? We must have a commitment to reform our lives, reform our church ministry, reform our worship, reform our congregational singing “by the Book.” Ano ba ang sinasabi ng Bibliya tungkol dito? At paano natin maia-apply ang itinuturo ng Salita ng Diyos tungkol dito? After all, we are talking about singing in worship. Kung ang Diyos ang sinasamba natin, dapat siya rin ang masusunod kung paano natin siya sasambahin. Kaya nga hindi lang niya

ipinagbawal sa unang utos yung pagsamba sa idols, ipinagbawal din niya sa ikalawang utos ang pagsamba sa kanya na di ayon sa paraan na gusto niya (Exod. 20:1-4).

We must worship in spirit and truth (John 4:24). For us to offer true worship, kailangang 'wag nating tularan ang pamamaraan ng mundong ito, but be transformed by the renewing of our mind (Rom. 12:1-2). Nag-aaral tayo ng Salita ng Diyos para malaman kung ano ang kalooban ng Diyos. Kaya nga kung mapapansin n'yo sa first two sermons sa series natin about congregational singing, I tried my best to argue from Scripture. Sa part 1, sinabi ko na we sing because of God, for God and about God. Sa part 2 naman, sinabi ko na we sing because of what God has done for us in Jesus. So yung pattern natin sa congregational singing week in and week out must be shaped, governed, and driven by the gospel.

Keep in mind na ang pinag-uusapan natin ay yung pag-awit kasama ang iba sa church (congregational), hindi lang personal. Although siyempre mahalaga rin ang personal and private worship. Parehong mahalaga, at konektado't hindi pwedeng paghiwalayin. Dahil sa awa ng Diyos na naranasan natin kay Cristo, kaya tayo sumasamba, "in view of God's mercies" (Rom. 12:1), we "glorify God for his mercy" (Rom. 15:9). Itong pagkamangha sa biyaya ng Diyos ang nagtutulak sa bibig natin para umawit ng papuri sa Diyos. "Therefore I will praise you among the Gentiles, and I will sing praise to your name." Deeply personal ang pagsamba sa Diyos, "I will sing." Private, but also public. "Among the Gentiles." Hindi lubos ang papuri sa Diyos kung hindi mo siya pupurihin sa harap ng ibang tao.

At ito ang dahilan kung bakit hindi lang tayo iniligtas ng Diyos, kundi inilagay din tayo sa church. Ang prayer ni Paul ang prayer din natin sa church, "mamuhay nang may pagkakaisa ayon kay Cristo Jesus, upang sa gayon, nagkakaisa kayong magpupuri sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo" (Rom. 15:5-6). Literally, "with one mind and one

voice.” Isa ang nasa isip at puso natin – ang ebanghelyo ni Cristo. Kaya isa rin ang awit na lumalabas sa bibig natin in preaching the gospel and in singing the gospel.

Congregational singing in the Old Testament

Ito rin naman ang intensyon ng Diyos para sa mga inililigtas niya mula pa sa simula. Sa panahon ni Moises, ano ang response nila nang iligtas sila ng Diyos sa mga Egyptians at makatawid sila sa Red Sea (Exod. 14:29-31)? “Then Moses and the Israelites sang this song to the Lord...” (Exod. 15:1). Si Moses ang worship leader, pero hindi lang siya at ang kapatid niyang si Miriam (Exod 15:20-21) ang nag-special number para panoorin at pakinggan ng lahat. Lahat ng inililigtas ng Diyos, lahat ng nakakita sa ginawa ng Diyos, lahat ng sumampalataya sa Diyos, lahat sila umawit sa Diyos! Imagine 2 million voices singing, napakalaking choir ang buong congregation ng Israel! Kung di mo naman naranasan ang pagliligtas ng Diyos, paano ka makakaawit sa kanya? Pero kung iniligtas ka ng Diyos, wala kang excuse para hindi magparticipate sa congregational singing.

Ganyan kahalaga ang congregational singing kaya nung si David na ang hari ng Israel, worship leader din siya – he was also a great musician, composer and passionate worshipper of Yahweh. Nag-appoint siya ng team ng singers and musicians para maging in-charge sa music ministry sa temple worship, to lead God’s people sa pagpupuri (1 Chron. 6:31-32; 16:42). Siya pa ang nagturo kung ano ang dapat nilang ipakanta sa Israel (1 Chr 16:7-36; nakasulat din sa Psa 105). “Sing to him; sing praise to him...” (1 Chr 16:9; Psa. 105:2). This is a song David told them to sing, a song inviting others to sing also and join them in singing. Praising God is not complete when you sing alone, but when you sing with others.

Marami sa mga awit sa book of Psalms (halos kalahati ng 150 psalms) ay attributed kay David. Yes, marami rin sa psalms ang individual praises like, “I will sing to the LORD all my life; I will sing praise to my God while I

live” (Ps 104:33 CSB). Also Ps. 7:17; 9:2. Pero nakasulat ‘to sa Book of Psalms to be used as a hymnbook ng just of individuals but of congregation gathered to worship. With a worshiper’s desire to sing to God is a desire also to have others sing. “Sing to the Lord...sing praise to God...” (Ps. 9:11; 47:6-7; 66:2). Kung ang puso mo ay umaawit sa Diyos, di ka makukuntento na ikaw lang ang umaawit sa Diyos. Kasi alam mong God is worthy not just of your song, but of the songs of a multitude! So we are invited, and we invite others to “Oh come, let us sing to the Lord” (Ps 95:1 ESV). Nasasabik ka rin na umawit sa Diyos kasama ang lahat ng mga lahi sa buong mundo, “I will sing praises to you among the nations” (Ps. 57:9; 66:4). At alam mong that day will come we will join “a vast multitude from every nation, tribe, people, and language, which no one could number” (Rev 7:9).

Pero bago dumating ang araw na yun, we sing regularly (at least weekly) with our church family. Yun ang ibig sabihin ng pagiging miyembro ng church. “But you are a chosen people, a royal priesthood, a holy nation, God’s special possession, that you may declare the praises of him who called you out of darkness into his wonderful light” (1 Pet 2:9 NIV).

Two foundational New Testament texts

Hindi man ganoon karami ang references sa New Testament about congregational singing, kung ikukumpara sa Old Testament, and much has changed dahil sa pagdating ni Cristo na siyang katuparan ng mga worship at religious rituals sa OT, pero merong dalawang similar at foundational texts sa sulat ni Pablo na importanteng maintindihan natin.

Ephesians 5:19. In light of the riches of grace we received in Christ (Eph. 1-3), this is then how we should live not just as individual Christians but as a church, the body of Christ (Eph. 4-6). Sa Eph. 4:3-4, sinabi ni Paul na ang gusto ng Diyos para sa atin one body, merong unity. Para mangyari yun, meron tayong ministry to one another, to build up the church (4:12). So, we speak the truth in love to one another (v. 15). The body

grows “by the proper working of each individual part” (v. 16). Nilalabanan natin ang kasalanan, we grow to be like Christ, at mangyayari ‘yan if we are filled by the Spirit (Eph. 5:18). A Spirit-filled life helps us out of our self-centeredness to give our lives to God and to others in the church. One obvious expression niyan ay yung sinabi ni Paul directly following yung being filled by the Spirit: “speaking to one another in psalms, hymns, and spiritual songs, singing and making music with your heart to the Lord” (Eph. 5:19). Ang congregational singing ay indispensable part ng pagiging Christian at mahalaga if we are to grow into maturity as a body of Christ.

Colossians 3:16. “Singing to God” is not just us ministering to or serving God, though wala naman siyang kailangan sa atin (Acts 17:25). Pero dito habang nag-aawitan tayo, God is also ministering to us, serving us with what we need. Naririnig natin at bumabaon sa puso natin ang Salita ng Diyos through our singing: “Let the Word of Christ dwell richly among you...” So, don’t just think of singing as one dimensional – yung umaawit tayo sa Diyos. Sa pag-awit natin, nagsasalita rin ang Diyos sa atin kung ang mga inaawit natin ay faithful expressions of his Word. Us to God, God to us. Vertical pareho ‘yan. Pero meron ding horizontal. As we sing, we minister to one another: “teaching and admonishing one another through psalms, hymns, and spiritual songs.” Congregational singing is multi-dimensional, vertical – we sing to God and God speaks to us, and horizontal, we sing to one another.

Purposes of Congregational Singing

Sa **Part 1**, sinasagot ko na yung question na why we sing – para sundin ang utos ng Diyos na umawit tayo sa kanya (*submission*), para gayahin ang Diyos na umaawit din (*reflection*), at para ipahayag ang mga kamangha-manghang katangian at gawa ng Diyos (*proclamation*). Ngayon naman, as an expansion of that: Anu-ano ang nangyayari kapag kumakanta tayo nang sama-sama? This will also answer the question, bakit tayo sama-samang umaawit, at hindi solo lang?

Congregational singing reflects the image of God in us. More specifically, yung pagiging Trinity ng Diyos, one God in three persons – Father, Son and Spirit. Merong community sa Godhead. Kaya kapag umaawit tayo ng pasasalamat to God the Father (Col. 3:16), in the name of Jesus (v. 17), filled by the Spirit (Eph. 5:18), we join the people of God in glorifying God. Kaya dapat Trinitarian – God-centered, Christ-exalting, Spirit-empowered – ang worship natin. Kaya ang tema natin ngayon sa worship service: The Tri-Unity of God (“Nagtitipon tayo ngayon para sambahin ang Diyos na Isa sa Tatlong Persona – Ama, Anak at Espiritu.”).

Congregational singing serves the Word of God. Kung ang mga inaawit natin ay mga salita ng Bibliya o echo ng mga teachings ng Scripture, when we sing songs together, we own and affirm the Word. Sinasabi natin na pinaniniwalaan natin ang mga Salita ng Diyos tungkol sa Diyos. At the same time, singing engages our heart with the Word in a way na iba sa preaching. Kasi merong retention, merong personal and emotional engagement kapag kumakanta tayo.

Makikita natin sa Deut. 31:19-22 yung teaching function ng songs. Malapit nang mamatay si Moses, at para ihanda ang Israel sa pagpasok sa promised land, nagbigay ang Diyos ng warning sa kanila. Na pagdating nila dun, tatalikod sila sa Diyos, sasamba sa mga idols, at mararanasan ang judgment ng Panginoon. Sabi ng Diyos kay Moses, “Kaya nga, isulat mo ang awiting ito at ituro sa bansang Israel upang maging tagapagpaalala sa kanila...Kung dumating na sa kanila ang matinding kahirapan at kaguluhan, ang awit na ito ang siyang susumbat sa kanila sapagkat matatanim ito sa isipan ng magiging lahi nila” (vv. 19, 21). Ganun nga ang ginawa ni Moses, “Nang araw ring iyon, sinulat niya ang isang awit at itinuro ito sa mga Israelita” (v. 22). Sabi ni Jonathan Leeman: “Singing is the medium by which God’s people grab hold of his Word and align their emotions and affections to God’s.” Hindi tayo basta kumakanta lang, we let the Word of Christ, the gospel, dwell in our hearts as we sing.

Congregational singing unites our church. Kung isa ang inaawit natin, sinasabi nating we all believe what we are singing. Nagkakaisa tayo at mas lalong tumitibay ang pagkakaisa natin as we sing gospel truths together. “When we sing we’re reminding each other eternal truths and therefore forging a lasting spiritual bond between us. We’re not merely singing to God; we’re singing to one another” (Keith Getty).

Congregational singing functions as our ministry to one another.

Hindi lang yung mga nasa harap na worship leaders ang gumagawa ng ministry sa inyo. When we join in singing, we’re doing ministry. We are “teaching and admonishing one another” through our singing. Isang paraan ito for us to speak the truth in love to one another. Kapag kumakanta ka, sinasabi mong pinaniniwalaan mo ang kinakanta mo, na natikman mo at nakita mo ang kabutihan ng Diyos at sinasabi mo rin sa iba na tingnan mo rin, tikman mo rin, “Oh taste and see that the Lord is good.”

Congregational singing shows our witness to unbelievers. Kung may mga bisita tayo, at sana maging ugali nating mag-imbata ng mga bisita, kapag narinig nila ang pagkanta natin, malalaman nila at mararamdaman nila kung ano ang joy at treasure ng hearts natin. In fact, we are always witnessing. If you look bored by the singing, you are witnessing to others that God is not really that important to you. When we sing with our hearts, we witness to others of the treasure and joy we have in Jesus. When you sing the gospel, you are preaching the gospel to unbelievers, at inaanyayahan natin sila, “I believe this. Paniwalaan mo rin.”

Kung ang singing natin ay reflection ng Trinity, in service of the Word, para sa unity natin, ministry natin sa isa’t isa, at witness sa mga unbelievers, then may implication ito para sa aming mga leaders in planning and preparing for our worship services. Meron din itong implication sa atin as a congregation. Unahin muna natin yung may kinalaman sa planning and leading our worship services.

Implications for leadership

1. **Pastoral oversight.** Dahil malaki ang teaching function ng singing sa church, I fully embrace my role as the primary worship leader ng church, humanly speaking. Ibig sabihin, I lead in service planning, pati sa song selection, with input from our music ministry team.
2. **Thematic.** Yung tema ng sermon ang magdidictate sa tema ng buong service, kasali ang tema ng mga kakantahin. Usually merong God-centered theme, like today yung Tri-Unity of God. Meron ding tema about human response – our unity as the people of God. So yung mga songs na pipiliin umiikot sa tema for that Sunday.
3. **Gospel flow.** Nadiscuss ko na 'to last week. Kasi gusto nating “word of Christ” o yung gospel ang mangibabaw at siyang magbigay direction sa heart engagement natin – mula sa pagtingin sa Diyos (adoration), sa pagpapakumbaba dahil sa ating kasalanan (confession), sa katiyakan ng kapatawarang meron tayo kay Cristo (assurance), hanggang sa pasasalamat sa kaligtasang tinanggap natin (thanksgiving) at pagsusumamo sa tulong na kailangan nating sa Diyos sa araw-araw (petition). Kaya kailangang maintindihan ng lahat yung flow ng worship. Tutulungan namin kayo by preparing transitions para ipaliwanag kung ano ang gagawin natin at kung bakit yung song na yun ang kakantahin natin.

4. **Priority of words over music.** Kung sinabi natin kaning music must be in service of the Word, dapat Word ang nangingibabaw hindi yung music. Music should reinforce the message. Kaya dapat nababasang mabuti yung lyrics, nakakabisado din, simple lang yung backgrounds, hindi distracting. At dapat naiintindihan din yung mga kanta. Hindi kakanta lang for emotional experience: “I will sing with the spirit, and I will also sing praise with my understanding” (1 Cor. 14:15). Kung may words or theological idea na kailangang ipaliwanag, gagawin natin. Mas maganda siyempre kung Tagalog, pero medyo limited pa ngayon yung menu natin ng God-centered at gospel-focused songs. Pero magbabago ‘yan. Ka-partner natin ang **1WorshipPH** saka **Sidhimig** para sa pagproduce ng mga bagong Tagalog worship songs.
5. **We aim for participation of all, not performance by some.** Meron tayong music ministry team not to perform at kayo manonood lang sa performance nila. They are our worship leaders. They lead, you follow. Nagpa-practice sila not to perform well, but to lead you well. Magpractice mabuti, yes, pero ‘wag mag-over sa rehearsal. At kahit night of worship natin, buksan natin ang ilaw para wala sa stage ang spotlight, at ma-encourage and participation ng lahat. Kaya walang nagso-solo number sa worship service natin. Kasi mas mainam kung buong congregation ang choir ng church.
6. **Priority of the singing voice of the congregation.** Kasi nga participatory ang congregational singing. Kaya meron tayong portion na acapella singing, para mas marinig ang boses n’yo at maencourage kayong kumanta. We will turn down the volume ng sound system, ng instruments, ng drums for that. Mahalaga ang instruments, but we will settle for simplicity. The more complex yung instrumentation natin sa music, mas mahihirapan kumanta ang mga tao.

7. **Unity in diversity.** Yung ibang churches merong iba-ibang services depende sa type of music kung traditional o modern, o kung pang-youth. Pero tayo isa lang. Kahit iba-iba ang musical tastes, nagkakaisa sa passion for the gospel. Mamaya we will sing How Great is Our God in different languages para maramdaman natin ang unity natin across cultures.
8. **Arrangement of seats.** Simula ngayon mapapansin n'yong hindi na masyadong theater type yung ayos ng upuan, may community feel na, nakikita mo yung ibang part ng congregation, hindi yung sa stage lang nakatingin.

Implications for the congregation

Merong implications sa leadership, meron din para sa lahat sa congregation. At ngayon, let me offer some points for application para sa ating lahat.

1. **Attendance.** Paano ka kakanta kung madalas kang absent? Make sure na yung Sunday morning nakareserba na para sa pamilya mo, at make it a habit to come sa worship service.
2. **Punctuality.** Aattend ka nga, pero late naman, isa o dalawang kanta na lang aabutan mo. Pagdating mo, malapit na ang sermon. "Better late than never," sabi mo. Bakit di mo palitan ng ganito, "Better early than late."
3. **Participation.** Maaga ka nga, pero nakatayo ka lang, at kung di ka naman sasabay sa pagkanta, wala din. Sing with all your might!
4. **Submission.** O baka sabihin mong di naman bagay sa 'yo yung kanta. Masyadong luma, sabi mo. O masyadong moderno para sa 'yo. But you are a member of the church. You trust the leadership na what we are singing on Sunday is according to the wisdom given to us by God to best glorify him and build up the church.

5. **Preparation.** Paghandaan mo rin. Alamin mo kung ano ang mga kakantahin ahead of time. Kunin mo na yung YouTube o Spotify playlist ng mga kanta natin sa church. O magrequest ka ng songbook. Tapos palaging mong pakinggan at kantahin sa bahay pa lang. O kaya mag-schedule tayo ng rehearsal with music team, parang choir, so we can improve in our singing.
6. **Memorization.** Pag bago di pa kabisado. Pero pag matagal na dapat kabisado na. Yun nga ang power ng songs, it aids our memory. So, don't be screen dependent. Tapos pipintasan mo pa yung nasa screen kasi may maling spelling. Kung kabisado mo na, wag ka na dun tumingin, sing from your heart.
7. **Ministry to others.** Tingnan mo ang iba sa congregation. Hindi lang sa screen o sa mga worship leaders sa harap, o nakatingala sa langit, o nakapikit na para bang nag-personal quiet time ka sa church. Singing is ministry to one another.
8. **Parenting.** Pakantahin mo rin mga anak mo. Wag mong bigyan ng gadget. Worshipping God is more important than playing games or watching videos on YouTube. Ipakita mo rin na kumakanta ka. Di naman sila kakanta kung ikaw nga di kumakanta. O kung di naman kayo kumakanta sa bahay. So practice family worship, pray together, read the Word together, sing together as a family. And model for your children what it means to be a Christian – worshipping God Monday to Sunday. Maliban na lang siguro kung hindi si Lord ang priority ng heart mo. Kaya kailangan nito...
9. **Examination.** Yung primary reason kung bakit di ka kumakanta ay hindi dahil sa musical preferences mo, but it is a matter of the heart. Ang Diyos ba ang tinitibok ng puso mo? O merong ibang bagay o ibang tao o ibang relasyon na nakahihigit sa affections mo for God? O baka throughout the week you are living in sin and hypocrisy and lies while pretending to sing with God's people on Sunday?

We are doing this because we want to sing better. Hindi dahil we are in competition with other churches, para nga mas makatulong sa kanila. Hindi dahil iniisip natin na mas makukuha natin ang pabor at blessings ni Lord kung mag-iimprove tayo sa worship tulad ng sinasabi ng iba, “When praises come up, blessings come down!” No. That’s anti-gospel. Bumagsak na ang blessings sa atin when Jesus came down to rescue us. Umaawit tayo, pagbubutihin pa natin ang pag-awit ng papuri sa Diyos, pagsasanayan pa nating mabuti, pagpaplanuhang mabuti, ie-evaluate para mas ma-improve pa, because our God – the Father, the Son, the Spirit – is infinitely worthy of our songs for all eternity.

Part 4 – Singing When Life is Hard

 treasuringchristph.org/2020/02/03/part-4-singing-when-life-is-hard

Introduction

Nung pinaplano ko yung series natin ng January na about congregational singing, three parts lang talaga – Singing and the Glory of God, Singing and the Gospel, Singing and the Local Church. I think na nandun na naman lahat ng kailangan nating malaman tungkol sa kahalagahan ng ginagawa nating pagkanta dito sa church at kung anu-anong changes ang dapat na gawin natin as a church, sa part ng leadership ng mga pastors at ng music ministry team, at sa bahagi din ninyo bilang mga members.

Bakit merong part 4? Kasi tulad ng sinabi ni Ptr. Marlon last week sa start ng monthly series natin about biblical theology of shepherding, mahalaga sa aming mga pastors na maging salamin ng Diyos na siyang Shepherd nating lahat (Psa. 23). As pastors, we need to be aware na merong mga tupa na magii-struggle sa singing. Hindi talent-wise ang pinag-uusapan natin dito. Puso at kalooban ang tinutukoy ko. Hindi sapat na ituro lang sa inyo kung ano ang nais ng Diyos about singing in worship. Kailangang tulungan din kayo sa panahong may difficulties about it. So, today, pag-usapan natin ang “Singing When Life is Hard.”

Paano kung dumadaan ka sa “valley of the shadow of death” (Psa. 23:4 ESV), “darkest valley” (CSB) ng buhay mo, paano ka nga naman makakaawit tulad ni David? Paano kung nangingibabaw ang takot? Yung sense of loss dahil namatayan ka o naloko sa negosyo? Paano kung dumadaan ka sa financial difficulties o problema sa relasyong mag-asawa o sa pagrerebelde ng anak mo? Paano kung malalim ang struggle mo sa kasalanan ngayon?

Hindi lang naman 'yan personal na problema. Problema 'yan ng mga malapit kay Kobe Bryant, ng mga Chinese sa Wuhan, ng mga nasalanta ng Taal Volcano. Itong mga struggles at sufferings, pare-pareho naman 'yang nararanasan ng mga tao sa buong mundo. May differing degrees, sure. Pero may problema lahat.

Paano ka aawit sa pagsamba sa Diyos kung non-Christian ka? Di ka naniniwala kay Cristo? Ritual lang para sa 'yo ang pagsimba? How to sing when life is hard? Hindi 'yan ang primary question mo, hindi 'yan ang pinakamalaking problema mo. The worst is yet to come for you if you are not in Christ. No amount of singing can save you. Only Jesus can. Layuan mo ang kasalanan mo, at lapitan mo si Cristo na siyang magliligtas sa 'yo.

Meron din namang marahil sa inyo na kumakanta nga, pero hipokrito naman. Masakit pakinggan, yes. Pero nangyayari, kapag you are singing while you are sinning. Meron kang double life. Akala ng iba spiritual ka, kumakanta ka, baka nagpapakanta pa o tumutugtog, pero performance lang, pakitang tao lang. This is a warning sa mga nandun yung desires to sing and be part of the music team, pero wala naman kay Cristo ang puso, at sa mga ordinaryong araw ay kumakapit sa maling relasyon at nahuhumaling sa kamunduhan. Alam ng Diyos 'yan: "This people honors me with their lips, but their heart is far from me" (Matt. 15:8 CSB). Kumakanta ka, nagpapakanta ka pa siguro, pero ang puso mo malayo sa Diyos. Di ka nagbabasa ng Salita niya, di ka nakikipag-usap sa kanya sa prayer. You are not okay with your wife, you are being unfaithful, you are committing sexual immoralities. Sinasabi sa Matthew 5:23-24 na bago ka sumamba sa Diyos, makipag-ayos ka muna sa kapatid mong may sama ng loob sa 'yo. Lalo namang dapat makipag-ayos ka muna sa Diyos na pinagtataksilan mo. How can you sing a love song to your wife, while your lips are kissing another woman?

Di ko sinasabing kailangang perfectly holy ka na bago ka umawit sa Panginoon. No. Pero nandun yung pusong nagsisisi sa kasalanan, inaaming makasalanan siya, nagpapakumbaba sa Diyos, nagtitiwala kay Cristo at sa ginawa niya sa krus para makalapit sa Diyos sa pagsamba. This sermon is especially for you. May struggle ka sa kasalanan, yes, pero lumalaban ka. Gusto mong ang puso mo ay magliyak ulit sa pagsamba sa Diyos kung nararamdaman mo ngayong nanlalamig ka.

Pero paano ka aawit kung ganyan? O kung nasaktan ka nang sobra dahil sa ginawang kasalanan sa 'yo ng isang member ng church o ng pamilya mo, how can you sing? O kung merong kang kabigatang dinadala dahil nakunan ka (miscarriage) o nawalan ng ama o iniwanan ng asawa, how can you sing? Yung iba sasabihin, exempted muna sa worship, saka na lang pag okay na ko. But I encourage you now, you can come, pwede kang lumapit sa Diyos, umawit sa pagsamba – kahit may mga doubts ka pa, may mga takot, may mga sakit, may mga pag-aalala. Come, come, come and sing with us!

Psalms of Lament: Giving Us a Voice When Life is Hard

Hindi ka nag-iisa. Yung sumulat ng Psalm 137 kasama mo, pati yung mga nakaranas ng pagkakaalipin sa Babylon: “Nang maalala namin ang Zion, umupo kami sa pampang ng mga ilog ng Babilonia at umiyak. Isinabit na lang namin ang aming mga alpa sa mga sanga ng kahoy. Pinaaawit kami ng mga bumihag sa amin. Inuutusan nila kaming sila ay aliwin. Ang sabi nila, ‘Awitan ninyo kami ng mga awit tungkol sa Zion!’ Ngunit paano kami makakaawit ng awit ng Panginoon sa lupain ng mga bumihag sa amin” (vv. 1-4)?

Hinahamak sila ng mga tao, na para bang sinasabing nasaan na ang Diyos ninyo? Bakit ganyan ang nangyayari sa inyo? (Psa. 42:3, 10; 79:10). Paano kami makakaawit? Tanong nila. Nagdadalamhati sila. Bihag sila, hindi sila malaya. Ginagawa pa silang entertainment. Pinagtatawanan. They cannot sing: “I am free!” The struggle is real. Yet, this psalm is a

song. Isinulat at intended na awitin nila at ng mga susunod na henerasyon ang struggle nila sa pag-awit sa Panginoon. Reminder din ito sa atin na nandun yung struggles sa pagkanta. We don't have to wait na maging okay na tayo bago tayo lumapit, sumamba at umawit sa Diyos. You can sing as you are. Merong lenggwahe na ibinibay sa atin ang Diyos sa tuwing meron tayong struggles, mga pagdududa, mga takot, mga hinaing, mga kalungkutan, mga pag-aalala.

“May paghihirap ba ang sinuman sa inyo? Manalangin siya. Nagagalak ba ang sinuman? Umawit siya ng papuri sa Diyos” (Jas. 5:13 MBB). Hindi naman ibig sabihin niyang di ka makakaawit kung may paghihirap. Kasi ang awit, panalangin din. Si Pablo nga kumakanta rin habang nakakulong (Acts 16:25). Akala kasi natin ang pagpupuri sa Diyos ay sa panahon lang na masaya tayo. Ang problema kasi ngayon, maraming churches filled with happy music yung singing nila. Tama namang we celebrate yung goodness ni God. We sing the gospel, good news yun, dapat masaya. Pero kung “happy” at victorious at celebratory lang lagi ang beat ng mga songs natin, we are becoming in denial of reality. We are still struggling sa kasalanan, we still live in a fallen world. We miss out some of “the deepest expressions of God-centered worship.” Mark Vroegop (*Dark Clouds, Deep Mercy*): “Too many people think real worship only means an upbeat and happy demeanor. But grief-filled prayers of pain while seeking God are among the deepest expressions of God-centered worship.”

Problema sa mga churches yung music sa church na limited ang range of emotions. May epekto din ito sa mensaheng itinuturo natin sa mga tao. “Much of church music is happy music. But if that is all we ever have, we substantially dilute the Christian experience. And the tone we set in our services will inevitably carry over into relationships. If we teach people through our music that feelings of doubt, despair, and bewilderment are not acceptable starting points for worship, we teach them that these topics are not acceptable in private conversation either

—to the detriment of depth in relationships. I tell new members at our church that I want music that helps them worship God if they got engaged the previous evening, and I want music that helps them worship God if they broke up the previous evening. When you select music with a variety of emotional starting points, you teach your congregation that God's promises hold true no matter our emotional condition" (Mark Dever & Jamie Dunlop, *Compelling Community*, 143).

Anuman ang emotional condition natin, hindi nagbabago ang mga pangako ng Diyos. That's why we still worship. That's why we still sing. Buti na lang merong book of Psalms, at kung titingnan mo ang mga songs na popular ngayon, hindi reflective ng diversity ng emotions nitong song book ng Israel. Mahigit sa 1/3 ng 150 psalms ay lament, mga panalangin at awit ng pagdaing sa Diyos. "Lament is a prayer in pain that leads to trust" (Mark Vroegop). Panalangin, awit na nagpapahayag ng sakit na nararamdaman ng isang indibidwal o ng isang community of faith na nagdudulot ng pagtitiwala sa Diyos. Akala natin ang "lament" ay kabaligtaran ng "praise." Pero hindi. "Lament is a path to praise as we are led through our brokenness and disappointment." As we get in touch sa emotions natin, sa hirap ng buhay, sa lalim ng kasalanan, mas nahahayag ngayon ang laki ng awa, biyaya at katapatan ng Diyos. Itong mga awit na 'to ay regalo sa atin ng Diyos. We miss out on this gift of lament kung puro palakpakan, lundagan at upbeat songs ang kakantahin natin sa church.

Almost three years ago, nagpreach ako tungkol sa lament, "How Long, O Lord" as part of our sermon series sa Psalms. Karamihan ng mga laments merong sinusunod na biblical pattern na nagpapakita kung paano dinadala ng Diyos ang mga taong nagdadalamhati sa isang spiritual journey. Usually meron itong limang bahagi. Tingnan natin ang Psalm 13 as an example.

1. **Address** o pagtawag sa Diyos: “Hanggang kailan, Yahweh...” (13:1 MBB). “Yahweh, aking Diyos” (13:3). “O Yahweh” (13:6). Anuman ang pagrereklamo o pagdududang nararamdaman mo, sa Diyos ka pa rin lumalapit, siya pa rin ang kinakausap mo. Lament is God-directed, God-centered, God-focused. This is not about us or our sufferings.
2. **Complaint** o pagdaing sa Diyos: “Hanggang kailan, Yahweh, ako’y iyong lilimutin? Gaano katagal kang magtatago sa akin? Gaano katagal pa itong hapdi ng damdamin at ang lungkot sa puso kong gabi’t araw titiisin? Kaaway ko’y hanggang kailan magwawagi sa akin” (13:1-2). Minsan akala natin hindi ispirituwal ang ganitong lenggwahe, na para bang papagalitan ka ng Diyos kapag ganyan ang sinabi mo, na parang wala ka nang respeto sa kanya. No, God desires honesty. Siyempre ayaw niya na manatali ang reklamo at pagdududa sa puso natin. Pero alam naman niya ‘yan. Sabihin mo kung ano ang nararamdaman mo. Hindi naman mainam na bolahin natin siya, “Each time I think of you, the praises start.” Hindi naman.
3. **Request** o paghiling sa Diyos: “Yahweh, aking Diyos, tingnan mo ako at sagutin, huwag hayaang mamatay, lakas ko’y panumbalikin. Baka sabihin ng kaaway ko na ako’y kanilang natalo, at sila’y magyabang dahil sa pagbagsak ko” (vv. 3-4). Minsan naiinip ka, nagdudududa ka, pero sa Diyos ka din naman talaga lalapit. Wala namang mas mabuti, mas tapat, mas makapangyarihan kaysa sa kanya.
4. **Trust** o pagpapahayag ng tiwala sa Diyos: “Nananalig ako sa pag-ibig mong wagas, magagalak ako dahil ako’y ililigtas” (v. 5).
5. **Vow of praise** o expression ng commitment na patuloy na magpupuri sa Diyos anuman ang nararanasan sa buhay: “O Yahweh, ika’y aking aawitan, dahil sa iyong masaganang kabutihan” (v. 6). Marami mang mapait na karanasan, sagana palagi ang kabutihan ng Diyos.

Ganito ang matinding karanasan ng mga nabihag sa Babilonia. Pero nananatili pa rin ang awit sa mga puso nila. Katunayan isinulat ang isang aklat, Lamentations o Panaghoy, tungkol diyan. Sa chapter 1 pa lang, punung-puno na ng expressions ng kalungkutan, kabigatan, kapighatian, kapaitan. Pagdating sa chapter 3 parang sinisisi na niya na ang Diyos ang may gawa ng lahat ng nararanasan niyang kahirapan.

“Naranasan ko kung gaano kahirap ang maparusahan ng Diyos. Itinaboy niya ako sa lugar na wala kahit bahagyang liwanag. Walang awa niya akong hinahampas sa buong maghapon. Tadtad ng sugat ang buong katawan at bali-bali ang aking mga buto. Ibinilanggo niya ako sa kalungkutan at pagdurusa. Isinadlak niya ako sa kadiliman, laging nasa bingit ng kamatayan...Inginudngod niya sa lupa ang aking mukha at idinikdik sa bato ang aking bibig. Naglaho sa akin ang bakas ng kalusugan, maging kapayapaan at kaligayahan man. Kaya’t sinasabi ko, ‘Nawala na ang aking lakas at ang aking pag-asa kay Yahweh.’ Simpait ng apdo ang alalahanin sa aking paghihirap at kabiguan” (3:1-6, 16-19).

Hindi pa talaga nawala ang pag-asa niya sa Diyos. Kasi...

“Lagi ko itong naaalaala, at ako’y labis na napipighati. Gayunma’y nanunumbalik ang aking pag-asa kapag naalala kong: Pag-ibig mo, Yahweh, ay hindi nagmamaliw; kahabagan mo’y walang kapantay. Ito ay laging sariwa bawat umaga; katapatan mo’y napakadakila. Si Yahweh ay akin, sa kanya ako magtitiwala. Si Yahweh ay mabuti sa mga nananalig at umaasa sa kanya, kaya’t pinakamainam ang buong tiyagang umasa sa ating kaligtasang si Yahweh ang may dala” (3:20-26).

Yung “Great is Thy Faithfulness” ang context dito ay hindi church anniversary celebration, o pag nagkabahay at nagkakotse ka na. Sa gitna ng pagdadalamhati, dakila ang katapatan ng Diyos, sariwa ang awa niya sa bawat umaga. Yung awit na ‘to ay hindi random thoughts. Carefully and beautifully written ‘to. In fact, ang tawag dito ay acrostic poem. Bawat linya, every three verses, simula sa bawat letra ng Hebrew

alphabet (aleph vv. 1-3, beth vv. 4-6, gimel vv. 7-9, and so on). Pinag-isipang mabuti. Ang pag-awit natin with all our heart yes, pero with all our mind din. Kaya mahalaga na mayaman sa theological content ang mga kinakanta natin, dapat God-centered. Ang mga kantang malabnaw sa mga katotohanan tungkol sa Diyos ay di makatutulong sa atin sa panahon ng kahirapan. What we need in times of suffering are songs na hitik na hitik at malamang-malaman sa rock-solid doctrine of Scripture. 'Yan ay isang regalo sa atin ng mga lament songs sa Bibliya.

When we sing in times of sorrow, ganito ang nangyayari sa atin...

1. Nare-**refocus** tayo. Naibabaling nito ang pagtingin natin. Karaniwan kasi sa atin ang tingin natin nakafocus sa sarili nating kalagayan, sa mga nangyayari sa buhay, sa mga masamang balita sa paligid natin. Pero sa pag-awit, we turn our eyes to God.
2. We **recall** or remember yung mga bagay na nakakalimutan natin. "Lagi ko itong naaalala..." (Lam. 3:20). Naaalala nating tapat ang Diyos, di nagbabago ang pagmamahal ng Diyos. "Panginoon, aalalahanin ko ang inyong mga gawa. Gugunitain ko ang mga himalang ginawa n'yo noon. Lisipin ko at pagbubulay-bulayan ang lahat ng inyong mga dakilang gawa" (Psa 77:11-12 ASD).
3. Nakaka-**request** tayo. Nakalalapit tayo sa Diyos na tutulong sa atin, na siya lang naman talagang makakatulong sa atin.
4. Sumisigla ang **faith** natin. Mas tumatatag ang pananampalataya natin sa kanya. Kasi lumalalim ang pagkakabaon ng magandang balita ni Cristo sa puso natin.
5. Nagkakaroon tayo ng **ministry** sa iba. Hindi lang ito tungkol sa atin. We also help each other sa church when we sing together. Vertical, yes. Pero horizontal din. Tulad ng napag-aralan natin sa part 3, we sing to one another. Yun naman ang church life, we rejoice with those who rejoice, we weep with those who weep (Rom. 12:15; 1 Cor. 12:26). Nagagawa natin 'yan sa pamamagitan ng sama-samang pag-awit sa Panginoon.

Singing Songs of Sorrow

Sa part ng leadership ng church, sa pagprepare natin ng mga songs na kakantahin, dapat maging aware tayo sa iba't ibang emotions na part ng Christian life, at ng worship sa church. "Celebration is not the only song we should sing. There are other important genres for us to learn. More people than we probably know are weeping in our Sunday celebrations. Worship leaders and songwriters might be able to welcome them by singing a few of their songs. Or at least it would be wise to try" (Mark Vroegop).

Tulad ng composer ng "It is Well with My Soul" na si Horatio Spafford (Story here). Mayamang businessman sa Chicago noong mid-1800s. May asawa, lima ang anak. Noong 1871, nagsimula ang trahedya sa buhay niya nang magkasakit at mamatay ang bunso niyang anak. Pagkatapos nito, nagkaroon ng malaking sunog sa Chicago. Nagpasya silang pamilya na magbakasyon noong 1873 papunta sa England. Pero nagpaiwan muna si Horatio dahil sa isang business emergency at pinauna na ang asawa niya at apat na anak.

After a few days, nakatanggan siya ng telegram (alam n'yo kung ano yun?) mula sa asawa niya sa England na binangga ang sinasakyan nilang barko ng isa pang barko. Namatay ang apat nilang anak, puro babae, siya na lang natira. Sulat niya, "saved alone, what shall I do?" Dalawang taon, limang anak niya patay. Grabe yan.

Pinuntahan niya agad ang asawa niya. Papunta sa England, yung kapitan ng barko ay lumapit kay Horatio at itinuro yung spot na pinaniniwalaang lugar kung saan nalunod ang apat niyang anak. Nang oras na yun sinulat niya yung hymn na "It Is Well With My Soul."

When peace like a river, attendeth my way,
When sorrows like sea billows roll
Whatever my lot, thou hast taught me to say
It is well, it is well, with my soul

It is well
With my soul
It is well, it is well with my soul

Para ring si Job na sumamba sa Panginoon pagkatapos na mamatay ang kanyang mga anak. Ang inawit niya: "The Lord gives, and the Lord takes away. Blessed be the name of the Lord" (Job 1:20-21 CSB).

Suffering Together

You may be going through a hard time today. O kahit na hindi, pero maaaring dumating 'yan sooner or later. Remember this Word from the Lord. Kahit gaano kabigat ang sitwasyon mo, tara at sumama ka pa rin sa pag-awit sa Panginoon. Kahit sa mga times na you don't feel it, hindi naman hypocrisy yun. Kapag may mga songs na parang hirap kang kantahin kasi feeling mo di mo naman nararamdaman yung pag-asa na yun o yung kagalakan na yun, but you can still sing that as a prayer at sabihin kay Lord, "Lord, di ko nararamdaman itong totoo sa akin ngayon, pero prayer ko that you will restore to me the joy of my salvation." Or kung di mo talaga makanta yung ibang parts ng song, okay lang yun. Don't sing. Pakinggan mo yung mga kasama mo sa church na umaawit sa 'yo. Let them minister to you and admonish you and remind you of who God is through their songs (Eph. 5:19; Col. 3:16).

At kung wala ka mang pinagdadaanang difficulties ngayon, be aware na merong mga kasama tayo sa church na suffering and in pain. Meron kang opportunity to minister to them by singing. Wag mong ipagkait sa kanila ang boses mo. Kaya mahalaga ring kilala mo ang mga kasama natin sa church. Get to know their stories. Spend time with them. Dalawin mo sa bahay. Imbitahin mo sa bahay n'yo. At kung sama-sama tayong kakanta, we share our songs because we share our stories. Alam mo yung isang member nagdududa sa katapatan ng Diyos. Titingnan mo siya at aawitin, "Great is thy faithfulness, O God my Father..." Yung isa naman bagong believer, ipapaalala mo sa kanya na dahil sa ginawa ni

Jesus, "the wrath of God was satisfied...Jesus thank you." Mas magiging meaningful ang mga awit natin kung kilala natin ang Diyos. Mas makakaminister tayo sa mga kasama natin sa church kung mas nakikilala natin sila.

As we sing together, lalo na sa mga panahong mahirap, mas lumalalim ang pag-ibig natin sa isa't isa. Mas tumitibay ang unity natin as a church. Like last year, sa isang members meeting natin, may mga issues na lumabas, merong di naging maayos sa usapan, merong mga nasaktan sa mga salitang nabitawan, maraming naging mabigat ang kalooban dahil sa kaganapang di inaasahang mangyari. Nakalagay sa agenda noon na ang huling gagawin natin ay kantahin yung Christ the Sure and Steady Anchor. Di ko na sana itutuloy. Kasi masakit ang puso ko. Marami rin ang ganoon ang nararamdaman. Pero itinuloy nating kantahin, at mas tama lang, mas naramdaman natin na di nagbabago ang pangako ng Diyos.

Christ the sure and steady anchor,
In the fury of the storm;
When the winds of doubt blow through me,
And my sails have all been torn.
In the suffering, in the sorrow,
When my sinking hopes are few;
I will hold fast to the anchor,
It will never be removed.

Sa kabila ng trahedyang nangyayari sa buong mundo, sa mga sakit na nararamdaman mo sa puso mo, sa mga pinagdadaanan natin sa church, kapag sumasamba tayo nang sama-sama "we put God in his rightful spot, engaging him with our intellect, emotions, and bodies." Anumang hirap na dinaranas natin, di natin mapagtatagumpayan hangga't hindi natin ibabaling ang paningin natin sa Diyos na pinakadakila sa lahat (Keith Getty). Nangyayari 'yan kung patuloy tayong magkakasamang umaawit sa Diyos.

